***Bulag, Pipi, at Bingi: Haplos ang Nararamdaman***

Sa mga panahong niyuyurakan ng pandarambong, paniniil at pang-aalipusta ang ating bansa, hindi pa rin mawawala ang kasaysayang iniwan at nilikha ng EDSA. Ingay na nagdala sa atin patungo sa panibagong prinsipyo, at sakripisyo ng mamamayan para sa kinabukasan ng lahat. Hindi lingid sa ating kaalaman ang dagok na kinaharap ng Pilipinas, ngunit dahil sa dagundong na kumalampag sa palasyo noong taong 1986, ay patuloy na nagliyab ang tila gasolinang pag-asa ng mga Pilipino.

Hindi na laging nasusukat sa lakas ng sigaw o kapal ng karatula ang tapang ng kabataang Pilipino sa kasalukuyan. Sa panahong ang galit ay mabilis magliyab ngunit kasingbilis ding nauupos, ang tapang ay unti-unting nagiging isang mas tahimik ngunit mas mabigat na anyo ng paninindigan. Masasaksihan din ang pakikibaka, hindi na lamang sa pisikal na pagtutol, kundi pati na rin sa isang matagalang pagpupunyagi ng budhi—isang disiplina ng isip at loob na tumatangging makibagay sa kasinungalingan kahit ito ang mas ligtas, mas madali, at mas kinagagalakan.

Sanay na tayong ikahon ang kasaysayang naganap sa Epifanio de los Santos Avenue (EDSA) noong 1986 bilang isang maluwalhating sandali ng kolektibong kabayanihan: ang bayan sa lansangan, ang kapangyarihang nabuwag, ang diktadurang naantala. Nagiging payak ang EDSA sa ganitong salaysay—isang kuwento ng tagumpay na tinitintahan ng malinaw na simula at wakas. Subalit kung ating ikukulong ang ating mga sarili sa ganitong klaseng kaisipan, ay hindi natin namamalayang unti-unti natin itong ginagawang relikya—iginagalang ngunit hindi na inaantabayanan.

Hindi ito monumento ng isang tapos na laban, ang EDSA ay isang buhay na pamantayan ng ipinaglabang pananagutan.

Dito pumapasok ang mas masalimuot na tanong: hindi kung ano ang nagawa ng EDSA noon, kundi ano ang hinihingi nito sa atin ngayon—sa panahong ang paniniil ay hindi na lantarang armado, kundi bihasang nagkukubli sa wika ng kaayusan, kaunlaran, at huwad na katahimikan. Ang diktadura ngayon ay hindi laging may mukha ng takot; kadalasan, ito ay binabalot ng malinis na panyo—panlukob sa kumukulong dugo ng sangkatauhan.

Ang Pilipinas sa loob ng isang Siglo, akda ni Gat Jose Rizal, malinaw niyang iminungkahing: ang bayang hindi hinuhubog ang sariling kamalayan ay mananatiling bihag, kahit pa magpalit ng naghahari. Hindi niya ipinagdiwang ang himagsikan bilang sukdulang lunas; bagkus, kanyang ipinagdiinan ang pagkamulat—ang kakayahang mag-isip nang malaya, mag-alinlangan sa awtoridad, at magpanagot sa abusadong kapangyarihan. Para kay Rizal, ang tunay na kalayaan ay hindi ibinibigay ng kasaysayan; ito ay pinagtitibay ng isang sambayanang marunong mag-isip para sa sariling kamalayan. Hindi natatapos ang himagsikan sa madugo at nakakarinding katahimikan; subalit, patuloy itong ipinaiigting sa kung anuman ang nagmamantsa sa dapat ay malinis na Pilipinas.

Sa ganitong lente, mauunawaan na ang EDSA ay hindi biglaang pagsabog ng damdamin, kundi bunga ng mahabang pagkikimkim ng konsensya. Marahil madaling isipin para sa atin na ang lakas nito ay nagmula sa dami ng tao sa lansangan, ngunit kung ito ay mababatid at pagtutuunan ng pansin—ito ay nagmula sa kolektibong

pasyang isinusuka ang kasuklam-suklam na pakikipagsabwatan sa kamalian. Ito ang uri ng tapang na hindi naghahanap ng gulo, ngunit hindi rin tumatakas sa tungkulin bilang mamamayang Pilipino.

Sa kasalukuyan, ang tapang ay mas madalas nasusubok sa maliliit ngunit paulit-ulit na pasya. Nito lamang nakaraang taon isang nakakapanggalaiting pagnanakaw sa ating kaban ng bayan ang nag-udyok ng malawakang rally sa Rizal Park, Sityembre 21. Tapang na ipinamalas upang tanggihan ang pangkaraniwang kabulukan. Ito ay hindi nagsimula sa biglaang pagliyab ng galit sa mga nanunungkulan, subalit ito ay nagmula sa tumpok-tumpok na kasinungalingang tumupok sa kanilang mga sarili. Isang buhay na patunay na kung tayo ay sama-sama at nagkakaisa—ginagampanan ang isang pagiging Pilipino, ay darating din ang panahong aadya sa ating magbukas ng panibagong pintuan para sa ating mga naapurnada.

Ganitong uri ng tapang ay malinaw na hinubog ng Kartilya ng Katipunan ni Emilio Jacinto. Higit pa ito sa gabay ng himagsikan; isa itong saligang-batas ng pagkatao. Ani Jacinto, ang rebolusyon ay hindi lamang laban sa panlabas na kaaway, kundi laban din sa panloob na lason. Ang dangal, ayon sa Kartilya, ay nasusukat sa kakayahang magtimpi, magpakumbaba, at kumilos ayon sa katuwiran. Katunayang walang saysay ang paglaya ng bayan kung ang mamamayan ay bihag pa rin ng pansariling kapakinabangan.

Sa ganitong diwa rin dapat basahin ang Kandila ng Buhay ni Ninoy Aquino. Hindi niya inukit ang sarili bilang bayani ng alamat; inamin niya ang takot, ang pag-aalinlangan, at ang pangamba. Ngunit sa kabila nito, pinili niyang maging

liwanag—isang liwanag na maaaring manghina, ngunit patuloy na sumisilaw sa dilim. Ipinakita niya na hindi kailangan ng isang karumal-dumal at madugong labanan ang kapayapaan; bagkus, sapat na ang may prinsipyo at nasa tamang kinatatayuang katungkulan. Hindi sagot ang makipagbuno sa Pilipinas at mga kapwa Pilipino, ngunit isang dugtog na may patutunguhan ang pakikipaglaban para sa Pilipinas—bilang Pilipino.

Sa isang bansang pagod na sa pangako, ang tapang ay ang pag-aalay ng sarili kahit walang katiyakan ng tagumpay, kahit malinaw ang panganib ng pagkabigo.

*Kung gayon, ay paano nga ba hinahamon ng EDSA 1986 ang kabataang Pilipino ngayon?*

Isa itong tahimik na sigaw upang hindi gawing seremonya ang demokrasya—isang palabas na inuulit taon-taon ngunit walang saysay sa araw-araw na buhay. Pagsubok upang umindayog at huwag ikulong ang kalayaan sa eleksyon, sa anibersaryo, o sa retorika ng pagkakaisa na walang laman. Sa halip, hinihingi nito ang aktibong pakikilahok: ang magsalita kahit pilit na itinitikom para sa katotohanan, kumilos kahit walang papuri ninuman, at manindigan kahit walang katiyakang kakampi sa sambayanan.

Sa harap ng patuloy na kahirapan, talamak na katiwalian, at malalim na pagkakahating panlipunan, madaling tumakas sa pamamagitan ng pangungutya, kawalang-pakialam, o huwad na neutralidad. Ngunit ang kawalang-pag-asa ay hindi inosente. Ito ay tahimik na pahintulot sa pang-aabuso. Sa ganitong konteksto, ang pag-asa ay hindi bulag na optimismo—ito ay isang moral na panata, isang pasyang

maniwala na ang katotohanan ay may saysay—kahit na ang katotohanan ay walang bisa.

Sa pag-indak natin sa hinaharap—sa panahong ang katotohanan ay kayang baguhin ng isang pindot, at ang kasinungalingan ay kayang paramihin ng mga algoritmo—mas nagiging masalimuot ang anyo ng paniniil. Ang laban ay hindi na lamang nasa lansangan, kundi nasa datos, sa gunita, at sa kung ano ang pinipiling paniwalaan ng sambayanan. Ang hinaharap ng demokrasya ay hindi na huhubugin ng pinakamalakas na sigaw, kundi ng pinakamalinaw na pag-iisip. Sa mundong pinamumunuan ng artipisyal na talino at impluwensiya ng teknolohiya, ang paninindigan ay nasusukat sa kakayahang kumilatis: alin ang totoo, alin ang ipinakalat lamang upang patahimikin ang nagnanaknak na katarungan.

Sa darating na mga dekada, maaaring mag-iba ang anyo ng pakikibaka—maaaring wala nang plakard, wala nang barikada, at wala nang lansangang babahain ng masa. Ngunit mananatili ang diwa ng EDSA sa bawat Pilipinong tumatangging maging datos lamang sa isang sistemang walang konsensya. Ang hinaharap ay mangangailangan ng mga mamamayang marunong magtanong sa teknolohiya, magtakda ng hangganan sa kapangyarihan, at maggiit na ang kaunlaran ay hindi maaaring ihiwalay sa katarungan. Sapagkat kung ang kinabukasan ay itatayo sa katahimikan ng nakararami, ito rin ay guguho sa kanilang pagkabulag at pagkabingi.

Ang tapang ng kabataang Pilipino ngayon ay ang manatiling gising sa panahong sinasanay tayong matulog. Ang pananatiling mapanuri sa gitna ng sistematikong

paglimot. Ang paniniwala sa bayan kahit ang bayan mismo ay tila nalilito sa pagtuwid ng balu-baluktot na mga pasilyo.

Ang EDSA 1986 ay hindi nag-uutos na maging bayani tayo sa isang makasaysayang araw. Hindi rin nito hinihiling ang isang nakabibinging digmaan na dumadanak ay dugo sa lansangan. Sapagkat sa huli, ang pinakamatibay na diktadura ay hindi yaong may sandata, kundi yaong pinahihintulutan ng katahimikan. Hindi mo kailangang mamatay upang ipaglaban ang iyong mga ideyolohiya at prinsipyo, kung maaari ka rin namang mabuhay para sa mga Pilipino.

Hindi kailangang maging marahas at madugo, kung maaari namang maging banayad ngunit buo. Iisa lamang naman ang ating hangarin—kapayapaan. At sa mga panahong tayo ay nagmimistulang bulag, pipi, at bingi—pare-pareho pa rin tayong haplos ang nararamdaman.